ANG **Bayan**
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg. 22
Nobyembre 21, 2017
www.philippinerevolution.info

# Mga armadong aksyon ng BHB sa Mindanao at Luzon

HINDI BABABA sa 14 na armadong aksyon ang iniulat ng iba't ibang yunit ng BHB sa *Ang Bayan* nitong nakaraang mga linggo.

**North Central Mindanao.** Tinambangan ng BHB-NCMR sa ilalim ng Mt. Kitanglad Sub-regional Command ang sasakyan ng PNP na may lulang mga pulis habang binabaybay nito ang Kilometer 28 Highway sa Tikalaan, Talakag, Bukidnon noong Nobyembre 9. Isang pulis ang napatay at apat ang nasugatan. Sa hindi inaasahang pangyayari, aksidenteng nadamay ang mga sibilyan na nakasakay sa isang Toyota Fortuner na sumusunod sa sasakyan ng pulis. Tinamaan ang isang apat-na-buwang sanggol habang sugatan ang ina nito at isa pa nilang kasama. Inako ng BHB at PKP ang responsibilidad sa aksidente at taimtim na humingi ng patawad sa pamilya ng mga biktima.

Matapos nito, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang nagrespondeng mga pulis sa Kilometer 23 sa parehong barangay noong Nobyembre 10.

Noong Nobyembre 12, dalawang KM450 trak ng Division Reconnaissance Coy at 8th IB ang pinasabugan ng isang tim ng South Central Bukidnon Subregional Command sa Barangay Salawagan, Quezon, Bukidnon.

Sa parehong araw, alas 11:00 ng umaga, nagsagawa ng tsekpoynt ang isang yunit sa

... sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Buong lakas na biguin ang bantang pagpapahaba ng batas militar

Masyadong halata na ang pakanang ekstensyon ng batas militar ang nasa likod ng banta ni Duterte kamakailan lamang na ituturing na umano niyang terorista at simpleng kriminal ang BHB, at magka-*crackdown* siya sa hayag na progresibong kilusan. Nauubos na nga naman ang mga hinahabing dahilan para sa batas militar sa Mindanao, lalupa't matagal nang naglaho ang tinaguriang banta ng Maute/ISIS, at wala namang kumakagat sa kwento na kumalat na ang ISIS sa buong Mindanao.

Bistado na si Duterte sa kanyang pasistang mga buladas at kilos, kahit ang paggamit sa gasgas na dahilang "sabwatan" ng progresibong mga pwersa sa BHB, upang patuloy na yumukod sa kagustuhan ng matataas na upisyal ng armadong pwersang kontrolado ng US. Nagsasawa na ang mamamayan na palagi niyang ginagawang atrasan ang iba't ibang anyo ng pagmumura at pagbabanta. Ngayon, ipinangalandakan pa niya ang kanyang among US, sa paglalagay ng BHB at PKP bilang mga terorista "same as America" (tulad ng turing ng America.) Lumakas ang loob niya sa katatapos pa lamang na pag-apruba ni Trump sa kanyang militaristang paghahari, kaya determinado siya sa pag-alis ng lahat ng oposisyon, ligal at hindi. Kilala ng mamamayan ang tunay na mukha ng mga

pagbabantang ito laban sa rebolusyonaryo at progresibong mga pwersa: ang pagtanggal sa pinakamalakas at matatag na sumasalungat sa pasistang paghahari, pagpapatahimik sa mga tumututol sa kanyang kontra-mamamayan at maka-imperyalistang mga patakaran at lalong patagalin ang pag-upo sa kapangyarihan sa pamamagitan ng solong paghahari.

Kung tutuusin, ni hindi na niya kailangang magbanta. Sa mando niya mismo, matagal nang nagsasagawa ng todong-gera ang AFP mula pa noong Pebrero  hindi lamang laban sa rebolusyonaryong kilusan kundi laluna sa mga sibilyang komunidad na pinaghihinalaang sumusuporta sa BHB. Sinundan pa niya ito ng utos sa AFP na "patagin ang bundok" sa pinaghihinalaang mga baseng lugar ng BHB, at matapos nito'y tuluyang pinatag ang Marawi City sa kanyang deklarasyong batas militar sa Mindanao. Paulit-ulit na niyang inianunsyo na itututok niya ang lakas militar ng AFP laban sa BHB oras na matapos niya ang Marawi. Mula nang maupo sa kapangyarihan, dinagdagan niya ang arsenal ng AFP ng mas maraming baril, bomba at eroplanong pandigma.

Ang kanyang mga gera ng kamatayan at pangwawasak ay nagudyok ng pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon, istraping, pulitikal at ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pang-aaresto at pagkulong, na nagresulta sa libu-libong mamamayang nadisloka, bilyun-bilyong halaga ng nasirang ari-arian, at maramihang paglabag sa karapatang tao. Pinukaw nito ang paparaming bilang ng mamamayan na lumahok sa mga protesta at itinulak ang maraming aktibista na sumali sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Matagal na at papalala rin ang dati nang pagturing ng reaksyunaryong estado na kriminal ang pulitikal na pagtutol kayat sinasampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal ang mga rebolusyonaryo at progresibo at kinukulong sila ng matagalan. Dumarami ang iligal na pag-aaresto ng mga sibilyan at aktibista, laluna sa pagkakatatag ng IACLA ni Duterte. Halos 500 bilanggong pulitikal ang patuloy na nagdurusa sa mga kulungan sa iba't ibang bahagi ng bayan sa kabila ng mga pangako ng amnestiya.

Mali ang akala ni Duterte na basta na lamang susuko ang rebolusyonaryong kilusan sa harap ng kanyang mga ngasngas. Maling akala ring matatakot ang hayag na progresibong kilusan sa kanyang banta ng *crackdown* at maramihang pang-aaresto. Tututulan ito ng mamamayan tulad ng malakas na pagtutol nila sa dating planong pagpapataw ng batas militar sa buong bayan.

Sa harap ng banta ng batas militar o anumang anyo ng lantarang pasistang paghahari, dapat patuloy na magpalakas ng sarili ang demokratikong kilusang masa sa pamamagitan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagsasagawa ng militanteng mga mobilisasyon. Dapat ding palakasin ang lihim na pagkilos at ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon sa kilusang lihim upang magsilbing bag-as ng kilusang masa sa kalunsuran. Nakahandang maging kanlungan ang mga sonang gerilya para sa mga aktibistang target ng pulitikal na pamamaslang.

Kasabay nito, ang mga rebolusyonaryong pwersa ay dapat magpatuloy sa pagpapalawak at pagbawi ng mga sonang gerilya, pagtatayo ng mga organisasyong masa, komite at mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga rebolusyonaryong base, magpaunlad ng rebolusyong agraryo, at iba pang mga kilos masa para sa benepisyo ng mamamayan. Turuan ang rebolusyonaryong masa ng organisadong pagharap sa mga pambobomba at malawakang militarisasyon sa kanayunan.

Dapat harapin ng Bagong Hukbong Bayan ang tumitinding mga atake ng pasistang pwersa sa pamamagitan ng patuloy na pagpapparami ng rekrutment at treyning, at paglulunsad ng paparami at papalaking mga taktikal na opensiba.

Hindi manghihinawa ang mamamayan sa pagtutol at pagbaka sa lahat ng pakana ng rehimeng US-Duterte na isailalim ang buong bansa sa lantarang diktadurang paghahari.


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 22 | Nobyembre 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.official

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Buong lakas na biguin ang bantang pagpapahaba ng batas militar 1

Mga armadong aksyon ng BHB 1

Mga protesta laban kay Trump 4

Kalagayan ng mga manggagawa sa Metro Manila 5

Ang alternatibong midya 7

22 aktibista, iligal na inaresto 7

Mga martir ng Panay, pinarangalan 8

Pagkakaisa laban sa usura 10

Mga opensiba ng PLA-India 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Mga armadong aksyon..," mula pahina 1

ilalim ng Mt. Kitanglad Subregional Command sa Sityo Malagsim, Barangay Rogogon, Iligan City. Dumaan sa naturang tsekpoynt ang isang motorsiklong may lulang tatlong sundalo na pinahinto ng mga Pulang mandirigma. Pero sa halip na huminto, pinutukan ng mga sundalo ang BHB, kaya't gumanti ang huli. Patay ang isang sundalo at sugatan ang isa niyang kasama.

**Northeastern Mindanao.** Ganap na ala 1:30 ng hapon noong Nobyembre 13, hinuli ng mga kasapi ng BHB-NEMR sina Police Officer 2 (PO2) John Paul Doverte at PO2 Alfredo Degamon sa Barangay Badas, Placer, Surigao del Norte dahil sa kanilang pangingikil at pagbebenta ng iligal na droga.

Noong Nobyembre 9, inambus ng BHB ang isang kolum ng Special Forces Battalion (SFB) sa Sityo Bakilawan, Bayugan City, Agusan del Sur. Sa sumunod na araw, muli silang inambus ng BHB at tumagal ng dalawang oras ang labanan. Isang Pulang mandirigma ang namartir, habang hindi mabilang ang kaswalti ng kaaway.

Nireyd naman ng mga Pulang mandirigma noong Nobyembre 8 ang mga nag-ooperasyong tropa ng SFB sa San Roque, Kitcharao, Agusan del Norte. Napatay rito si 2nd Lt. Maurice Salavia Caballero at isa pang sundalo.

Noong Nobyembre 7, hinaras ng BHB ang isang kolum ng SFB at mga pwersa ng Bagani Force. Bilang ganti, nagpadala ng *aerial support* ang AFP. Ilang sundalo at paramilitar ang napatay, kabilang ang paramilitar na si Marcos Belandres, isa sa mga nagmasaker sa mga lider-Lumad sa paaralang Alcadev noong 2015. Marami ang sugatan sa AFP.

Noong Nobyembre 6, inambus ng mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng CAFGU sa Sityo Logdeck, Brgy. San Isidro, Lianga, Surigao del Sur. Nasamsam nila ang dalawang M16, isang garan at isang karbin. Tatlong CAFGU ang napatay at isa ang sugatan.



**Ilocos-Cordillera.** Noong Nobyembre 18, hinaras ng isang yunit ng BHB-Abra (Saulo Lumadao Front) ang mga nag-ooperasyong yunit ng 24th IB, alas-5:10 ng hapon, sa Barangay Danac, Boliney, Abra.

Hinaras naman ng isang yunit ng BHB-Ilocos Sur (Benguet-Abra-Mountain Province-Ilocos Sur Command) ang mga sundalo ng 81st IB sa Barangay Patiacan noong Oktubre 15. Nagresulta ang operasyon sa pagkamatay ng isang sundalo at pagkasugat ng isa pa. Una na nilang pinaputukan ang naturang yunit sa Barangay Patungcaleo noong Oktubre 9.

Inokupa ng mga pinagsanib na pwersa ng 81st IB, RPSB ng PNP at CAFGU ang mga barangay ng Lamag, Patungcaleo, Patiacan at Legleg sa Quirino, Ilocos Sur mula Setyembre.

Ang pagbira sa mga tropa ng Community Support Program Team sa Patungcaleo at Patiacan ay bahagi ng suporta ng BHB sa paglaban ng mamamayan ng Quirino at Cervantes sa mga mapandambong na kumpanya ng minahan at sa mga pasistang tropa ng mga sundalo at kapulisan.

Noon namang Nobyembre 12, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Abra (Agustin Begnalen Command) ang mga sundalo ng 24th IB sa pagitan ng Barangay Beew at Kili, sa bayan ng Tubo, Abra. Tatlong sundalo ang nasugatan.

Sa sumunod na araw, Nobyembre 13, pinuntirya ng isang yunit ng BHB ang dalawang helikopter at diniskaril ang pagbababa ng mga ito ng suplay para sa mga tropang nag-ooperasyon sa lugar.

Ang mga aksyong militar na ito ay nagsisilbing babala sa mga planong pangangamkam at pagpasok ng mga makadayuhang proyekto sa ilalim ng "Dutertenomics". Ang mga bayan ng Tubo, Manabo, Luba, Boliney, Bucloc, Daguioman, Sallapadan, at Licuan-Baay ay planong pasukin ng proyektong Pan Pacific Renewable Power Philippine Corp. para sa proyektong *geothermal energy* na sasaklaw sa 49,000 ektaryang lupaing ninuno ng mamamayang Tingguian.

**Bicol.** Inambus ng isang yunit sa ilalim ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command) ang grupo ng Provincial Operation for Socio Economic Development Against Crime (POSDAC) noong Oktubre 31 dahil sa kontra-mamamayang mga aktibidad nito. Nakumpiska ng BHB ang isang M16, isang kalibre .357 na pistola at mga bala.

Maraming kasong kriminal laban sa POSDAC ang nakasampa sa hukumang bayan, kabilang ang pangingikil sa maliliit na mangingisda. Kapag hindi makapagbigay ng halagang hinihingi ng POSDAC, kinukuha nito ang mga bangka ng mga mangingisda, at kung hindi matubos ay sinusunog. Sa isang pagkakataon, maging ang reserbang elisi, 870 litrong krudo, 14 na banyera, halagang P8,000 at mga selpon ay kinuha ng POSDAC. AB

# Serye ng mga protesta, sumalubong kay Trump

Masisinsing serye ng mga aksyon-protesta ang sumalubong kay Donald Trump, presidente at hepe ng imperyalismong US, nang dumating ito sa Pilipinas noong Nobyembre 12 para sa ASEAN Summit.

Ipinamalas ng mga raling ito ang galit ng mamamayang Pilipino sa neoliberal na adyenda ng ASEAN at militaristang pamamayagpag ng US sa rehiyon. Pinangunahan ang mga ito ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

Sa araw ng ASEAN Summit, nagmartsa sila tungo sa Philippine International Convention Center kung saan ginaganap ang pagpupulong. Malayo pa sa lugar, hinarang na sila ng mga pulis at dinispers. Binomba sila ng tubig at ginamitan ng Long Range Acoustic Device o LRAD, isang makina na naglalabas ng matinding ingay na nakasisira sa tainga. Mahigit 50 aktibista ang nasaktan sa dispersal pero matatag silang nanindigan sa lugar. Sa pagtatapos ng kanilang programa, sinunog nila ang malaking *effigy* na nagsisimbulo ng pagiging tuta at pasista ng rehimeng Duterte.

Sa kasunod na araw, tumungo sa Mendiola ang mga raliyista para kundenahin ang nagaganap na pulong ng East Asia Summit. Bagamat binansagan ito ni Trump na "pinakamahalaga" sa kanyang pagbisita sa bansa, hindi siya dumalo sa pulong at umalis ng bansa nang alas-3 ng hapon.

Bago nito, mula Nobyembre 9-12, araw-araw na nagmartsa ang iba't ibang sektor tungong embahada. Kada araw, hinaharang sila ng libu-libong pulis at mga trak ng bumbero para pigilan silang makalapit sa embahada ng US. Noong Nobyembre 11, nakalusot ang ilang kasapi ng Anakbayan sa kordon ng pulis at nakalapit sa CCP complex kung saan gaganapin ang ASEAN Summit. Sa sumunod na araw, marahas na dinispers ng mga pulis ang mga raliyista, gamit ang mga batuta at kanyon ng tubig. Nagresulta ito sa pagkasugat ng 20 aktibista.

Noong Nobyembre 8, nagrali sila sa Mendiola para batikusin ang P15.5 bilyong gastos sa piging ng ASEAN. Pinangunahan ito ng Kadamay, kasama ang nakakampong mga maralita mula sa Manggahan Floodway, Pasig na dinemolis noong Oktubre.

Noong Nobyembre 7, tinalakay sa pagtitipon ng KADAMAY ang mga epekto ng ASEAN sa kanilang sektor at sa buong bansa sa okasyon ng kanilang ika-19 na anibersaryo ng pagkakatatag. Mahigit 10,000 kasapi nito ang nagtipon sa Pandi, Bulacan.

Sa mga araw na ito, naglunsad ng iba pang mga protesta ang iba't ibang grupo ng aktibista. Kabilang dito ang piket sa harap ng Trump Building sa Makati at piket sa harap ng Department of Agrarian Reform noong Nobyembre 10. Noong Nobyembre 11, nagpiket ang Migrante sa harap ng Department of Labor and Employment para kundenahin ang kawalan ng trabaho sa bansa at ang patakarang *labor export* ng estado.

Sa Central Luzon, nagrali sa Clark International Airport sa Pampanga ang ilandaang kasapi ng Bayan-Gitnang Luson para salubungin ng protesta ang mga delegado ng ASEAN noong Nobyembre 12. Nagkaroon din ng parehong pagkilos sa University of the Philippines-Los Baños.

Sa Mindanao, pinangunahan ng mga myembro ng League of Filipino Students ang piket sa Mindanao State University-Marawi noong Nobyembre 11. Noong Nobyembre 14, isang pagkilos naman ang isinagawa ng Bayan-SMR sa Davao City.

**Pagkilos ng mga nakaligtas sa bagyong Yolanda.** Mahigit 9,000 mga nakaligtas sa bagyong Yolanda ang nagrali sa Tacloban City at sa mga syudad ng Catbalogan at Catarman sa Samar sa pangunguna ng People's Surge noong Nobyembre 8. Sa araw na iyon, hinarang ng militar sa Catarman ang mga raliyista. Hinarang din sa tsekpoynt ang mga raliyista sa Palapag. Bago nito ay inipon ng mga elemento ng 87th IB ang mga residente ng mga baryo sa Calbiga upang sabihan silang huwag dumalo sa rali.

Libong Panayanon naman ang nagrali sa Estancia, Iloilo noong Nobyembre 9 para kundenahin ang kainutilan ng rehimeng US-Duterte na sagutin ang kawalan ng pabahay at disenteng hanapbuhay.

**Protesta sa ika-13 anibersaryo ng masaker sa Hacienda Luisita.** Nilahukan ng ilandaang manggagawang bukid sa pangunguna ng AMBALA ang protesta sa harap ng asyenda noong Nobyembre 16. Bago nito, inaresto sa gitna ng protesta ang tagapangulo ng AMBALA na si Florida Sibayan. Idinetine siya sa loob ng dalawang araw



# Ang kalagayan ng mga manggagawa sa Metro Manila

Sa nagdaang ASEAN Summit, kabilang ang mga manggagawa sa Metro Manila (National Capital Region o NCR) sa libu-libong nagprotesta laban sa piging ng mga kapitalista at pagdating ni Donald Trump, hepe ng imperyalismong US, sa bansa. Deka-dekada nang iniinda ng mga manggagawang Pilipino ang epekto ng mga patakarang neoliberal na nakapaloob sa di-pantay na mga kasunduang inilalako ng ASEAN at iba pang multilateral na pormasyong pangkalakalan. Dinanas ng mga manggagawa sa pambansang kabisera ang pinakamasasahol na epekto ng mga patakarang ito, lalupa't nakapaloob sila sa sentro ng komersyo, pinansya at industriya ng mga dayuhang kumpanya at lokal na burgesya.

Ang NCR ang pinakamaliit pero pinakasiksik na rehiyon sa buong bansa. Dito nakatira ang mahigit 12 milyong Pilipino, kung saan abereyds na 19,000 katao ang nag-ookupa ng isang kilometro kwadrado. Sa nakaraang mga taon, dinaig na nito ang Mumbai, ang dating pinakasiksik na syudad sa Asia. Sa syudad ng Maynila, umaabot sa 66,000 katao ang nakatira kada kilometro kwadrado.

Bilang sentro, sa NCR nagmumula ang sangkatlo (36%) ng GDP (*gross domestic product* o kabuuang halaga ng lokal na produksyon at serbisyo) ng bansa. Ang bulto ng GRDP (*gross regional domestic product*) ay mula sa sektor ng serbisyo (83%). Bagamat mas mababa kumpara sa serbisyo, pinakamataas pa rin ang dagdag na halaga ng mga inaangkat na produktong industriyal ng NCR kumpara sa ibang rehiyon. Liban sa elektroniks, nagpoprodyus ng mga damit, pagkain at inumin, at iba-ibang kemikal ang mga pabrika sa NCR.

Mahigit 22% o 212,000 mga negosyo at industriya sa buong bansa ang nakabase sa Metro Manila. Ang 35% ng mga negosyong nasa sektor ng industriya at 38% na nasa sektor ng serbisyo ay nasa NCR at Calabarzon. Malaking bahagi (44%) ng malalaking negosyo (may 20 manggagawa pataas) ang matatagpuan sa rehiyon. Sa nakaraang dekada, pinakamarami rito ay nasa subsektor ng pagbebenta kasunod ang subsektor ng pagmamanupaktura, mga hotel at restawran at mga suportang serbisyo.

Sa ngayon, nasa rehiyon ang pangalawang pinakamalaking bulto ng populasyong maaaring magtrabaho (9.1 milyon na may edad 15 pataas), kasunod sa Calabarzon (9.8 milyon). Gayunpaman, nasa 60% o 5.4 milyon lamang sa mga ito ang ibinibilang sa pwersa sa paggawa (Hulyo 2017). Sa mga ito, nasa

... sundan sa pahina 6

---

sa gawa-gawang kaso ng pananakit. Pinalaya siya sa gabi ng Nobyembre 16 matapos maglunsad ng piket ang mga kasapi ng Bayan at KMP-Central Luzon sa harap ng Camp Gen. Macabulos kung saan siya ikinulong.

**Pagkilos ng mga Lumad, Tumandok at Moro.** Noong Nobyembre 16, itinayo ng mga batang Lumad sa ilalim ng Save Our Schools Network ang kampuhan sa harap ng Department of Education sa Pasig para kundenahin ang kainutilan ng ahensya laban sa pangwawasak at pagkampo ng militar sa kanilang mga eskwelahan.

Sa Panay, nagprotesta ang mga Tumandok sa harap ng upisina ng National Irrigation Administration noong Nobyembre 10 para tutulan ang napipintong pagtatayo ng mega-dam sa kabundukan ng Tapaz, Capiz. Ang proyekto ay gugugulan ng P25 bilyon sa ilalim ng Panay River Basin Integrated Development Project at bahagi ng programang "Build, Build, Build" ng rehimen.

Nagpiket noong Nobyembre 17 ang Kalinaw Mindanao, kasama ang mga delegado ng Interfaith Humanitarian Mission sa Iligan City. Kinundena nila ang nagpapatuloy na pag-iral ng batas militar sa buong Mindanao at planong pagpapalawig pa nito hanggang sa susunod na taon.

**Pagkilos ng mga manggagawa.** Nagpiket noong Nobyembre 20 ang mga manggagawa ng Sumifru at Musahamat Farms sa harap ng upisina ng kumpanya para kundenahin ang paggamit nito ng nakalalasong kemikal na Fluozinam na nagresulta sa pagkakasakit ng mga manggagawa.

Sa parehong araw, nagpiket ang mga manggagawa ng Wyeth o Sama-Ako KMU sa harap ng Court of Appeals sa Manila City, para kundenahin ang pagkatig ng korte pabor sa kumpanya laban sa regularisasyon ng mga manggagawang kontraktwal nito. Ang Wyeth ay kumpanyang gumagawa ng gatas at gamot.

Noong Nobyembre 16, nagrali ang mga residente ng Purok 24, Talisay, Barangay Bucana sa Davao City, kasama ang Kadamay, laban sa pagpapalayas sa kanila ng DM Consunji Incorporated. (DMCI). Mahigit 30 taon nang nakatira sa lugar ang may 300 pamilya at dalawang beses nang nakatanggap ng kautusan para lisanin nila ang lugar mula sa kumpanya.


**Mga protesta sa US**. Habang nasa Asia si Trump, serye ng mga pagkilos ang isinagawa ng mga Filipino-American sa US. Nagpiket ang mga myembro ng Bayan-USA sa mga syudad ng Boston, Chicago, New York at Philadelphia laban sa mga kontra-imigranteng patakaran ni Trump, kabilang ang plano nitong pagtatayo ng bakod sa hangganan ng Mexico at US. AB

92% diumano ang may trabaho, habang 8% lamang ang walang trabaho at 7.4% ang kulang sa trabaho. Mahigit 60% ng mga walang trabaho ay kalalakihan. Katulad ng ibang bahagi ng bansa, halos kalahati ng mga may empleyo ay nasa "impormal na sektor."

Kumpara sa pambansang abereyds, halos palagiang mas mataas ang tantos ng disempleyo sa NCR. Halos kalahati ng mga walang trabaho rito ay mga kabataang manggagawa. Pinakamarami ang mga walang trabaho sa maralitang mga komunidad (40%). Sa nakaraang dalawang dekada, mahigit kalahati sa libu-libong manggagawang taunang natatanggal sa trabaho ay mula sa NCR. Pinakamataas ito sa kasagsagan ng relokasyon ng maraming pabrika sa mga *export processing zone* sa labas ng Metro Manila.

Pagsapit ng 2016, pinakamarami na (24%) sa mga manggagawa sa NCR ay nagtatrabaho sa subsektor ng pagbebenta (*wholesale and retail trade*) kung saan halos walang niregularisa. Kasunod ang bilang ng mga nasa trabahong administratibo at iba pang suportang serbisyo, sa pagmamanupaktura, konstruksyon, at transportasyon at pag-iimbak na nasa 9% kada subsektor. Sa klase ng mga trabaho, halos 20% ay mga manggagawa sa pagbebenta at serbisyo at 18% ay mga manedyer. Gayunpaman, marami-rami pa rin (17%) ng mga manggagawa sa rehiyon ay mga manggagawang industriyal o yaong mga nagtatrabaho bilang mga opereytor ng makina at taga-asembol sa mga pabrika.

Tuluy-tuloy na ininda ng mga manggagawa sa rehiyon ang mga atake sa kanilang karapatan para mag-unyon, makipagtawaran sa sahod at benepisyo at sa seguridad sa trabaho. Mula dekada 1990 hanggang 2000, walang awat ang mga maniobra ng mga kapitalista, katuwang ang reaksyunaryong estado, sa pagbubuwag ng malalaking unyon sa pinakaestratehikong mga empresa sa bansa na nakabase sa rehiyon. Kabilang dito ang San Miguel Corporation, Philippine Airlines, PLDT, Nestle, SM at iba pang malalaking pabrika. Kasabay nito ang malawakang tanggalan ng regular at unyonisadong mga manggagawa, pagpapalit sa kanila ng mga kontraktwal at pagsasabatas ng mga patakarang anti-unyon at kontra-welga para tiyaking hindi na sila muling makapag-oorganisa. Sa gayon, paliit nang paliit ang bilang ng mga manggagawang unyonisado sa NCR. Mula sa 2,778,000 myembro ng unyon noong 1998, nasa 1,068,000 na lamang sila pagsapit ng 2012.



Sa lahat ng mga rehiyon, palagiang ibinabandera na pinakamataas ang minimum na sahod sa NCR. Nitong Oktubre, nasa P512 na ito matapos magdagdag ng P21 ang estado para sa mga manggagawa ng malalaking negosyo habang nananatiling nasa P475 ang sahod sa mga negosyong "micro" o may 10 manggagawa pababa. Gayunpaman, wala pang isang milyong manggagawa ang magbebenepisyo rito dahil bulto ng mga establisimento sa rehiyon ay nakakategorya bilang "micro." Dagdag dito, halos kalahati ng mga negosyo (44%) ay dati nang hindi nagbabayad ng minimum sa kanilang mga manggagawa.

Sa nakaraang dekada, nakapako kundi man bumagsak ang tunay na halaga ng sahod sa rehiyon kahit pa may maliliit na nominal itong pagtaas (abereyds na P15/taon mula 2007). Ang tunay na halaga ng P491 na sahod dito noong Hulyo ay P354 lamang dulot ng mataas na tantos ng implasyon. Malayong mababa ito kumpara sa nakabubuhay na sahod na umaabot na sa P1,141 nitong taon.

Masahol pa, nakapailalim na ngayon sa sistemang dalawang-andana ang pasahod sa rehiyon. Nakapako na sa "floor wage" ang sahod, na nakabatay sa estadistika ng kahirapan na arbitraryong itinakda ng estado. Noong 2016, nasa P10,276/buwan kada pamilya o P68.51/araw bawat indibidwal ang *poverty threshold* sa Metro Manila o ang itinakdang halaga ng estado na makasasagot diumano sa gastos sa pagkain, pabahay, transportasyon, gamot, edukasyon at iba pang pangangailangan ng isang lima-kataong pamilya sa rehiyon.

Tinatayang mahigit 40% ng mga sahurang manggagawa sa rehiyon ay nakatira sa mga maralitang komunidad kung saan hindi maayos ang pabahay, patubig, sanitasyon at elektrisidad. Ayon sa isang pag-aaral (Metro Manila Urban Service for the Poor), tinatayang nasa apat na milyong katao na ang nakatira sa mga komunidad na ito noong 2015. Tinatayang dadami pa ito tungong mahigit anim na milyon sa 2020. Ang mga komunidad na ito ay palagiang nasa panganib ng demolisyon para bigyang-daan ang komersyal na mga gusali ng malalaking kumprador at mga proyektong imprastruktura ng estado.

Sa harap ng mga atake at pahirap na ito, hindi naputol ang paglaban at paggigiit ng mga manggagawa sa rehiyon para sa disenteng trabaho at makatarungang sahod, makataong kundisyon sa paggawa at kanilang karapatang mag-unyon at makipagtawaran. Bahagi lamang ng kanilang tuluy-tuloy na paglaban ang kanilang paglahok sa mga pagkilos na kontra-ASEAN. AB


# Ang progresibong midyang alternatibo at pekeng balita sa panahon ni Duterte

Sa panahon ng ASEAN Summit at bago pa man nito, namayagpag ang bayarang maka-Duterte na mga *blogger* o manunulat sa internet sa kanilang kaliwa't kanang pang-aatake sa mga kalaban sa pulitika ng rehimen. Kabilang dito ang mga *blogger* na sina Sass Sasot at RJ Nieto, gayundin ang itinalaga ng rehimen sa Office of Presidential Communications na si Mocha Uson. Umagaw pa ng eksena si Sasot nang kumprontahin niya ang isang reporter ng British Broadcasting Corporation noong Nobyembre 13 matapos nitong kapanayamin ang isang kontra-Duterte na *blogger*.

Noong kampanya pa lamang sa eleksyong presidensyal, aktibo nang ginamit ng kampo ni Duterte ang katulad na mga *blogger* at libu-libong iba pang bayarang indibidwal o *troll* para pasikatin si Duterte at atakehin ang kanyang mga karibal.

Batay mismo sa pahayag ng isang *troll* mula sa Duterte-Cayetano *social media campaign team*, bahagi ng trabaho nila ang paglikha ng pekeng mga *website* at *social media account* para sa layuning ito. Lumilikha sila ng maraming-maraming *account* sa mga *site* tulad ng Facebook, upang doon aktibong lumikha ng mga diskusyon tungkol sa nangungunang mga usaping pambayan. Karamihan sa mga nangunguna rito ay mga propesyunal na konsultant sa *public relations*. Mula sa panahon ng kampanya at hanggang ngayon, tumatayo silang mga opereytor sa pulitika na ang pangunahing trabaho ay ibaling ang atensyon ng publiko sa mga hindi kanais-nais na gawi ng rehimen, mag-impluwensya at papaniwalain ang mamamayan sa kahusayan ni Duterte. Liban kay Uson, pormal silang inempleyo bilang mga "konsultant" ng mga ahensya ng gubyerno at tumanggap ng sahod nang hanggang P60,000/buwan.

Tusong minamanipula ng mga opereytor na ito ang impormasyon at lehitimong mga balita. Sa napakaraming pagkakataon, bumabaling sila sa pagmumura at pagbabanta, pagkakalat ng pagkamuhi (*hate campaign*) upang mapansin at mabigyang-diin ang kanilang mga kasinungalingan. Kapag nahaharap sa mga lehitimong argumento, madalas pabalbal at walang saysay ang kanilang mga sagot. Itinuturing nilang tagumpay kung lumalabas ang kanilang mga opinyon at pekeng balita sa mga tradisyunal na midya.




Sa pag-aaral ng Reuters Institute for the Study of Journalism sa University of Oxford, naituturing na *fake news* ang may mababang antas ng pamamahayag: walang batayan, hindi sapat ang datos o tumutuntong sa mababaw na pagsusuri, kung ito ay mula sa mga pulitiko at kanilang mahigpit na tagasuporta at nasa anyo ng patalastas, kung ang laman ay binayaran.

Dalubhasa ang mga propagandista ni Duterte sa ganitong klaseng pagbabalita. Sa pagdinig sa senado hinggil sa *fake news,* ipinagmalaki ni Uson na alternatibo diumano sila sa impormasyong inilalabas ng tradisyunal na midya.

**Ang tunay na alternatibong midya**

Taliwas sa iginigiit ni Uson, ang tunay na alternatibong midya ay hindi nagkakalat ng pekeng balita o nagsisilbi sa naghaharing pangkatin, kundi pagbabalita ng tunay na mga pangyayari at kalagayan ng mamamayan. Hindi nasasagkaan ang alternatibong midya ng mga komersyal na mga interes katulad ng tradisyunal na midya na pagmamay-ari ng malalaking burgesya-kumprador at umaasa sa kita mula sa mga patalastas ng pinakamalalaking korporasyon.

Sa Pilipinas, may mahaba itong kasaysayan ng paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga kolonyalistang Espanyol at kanilang mga kakutsaba, ng imperyalistang US at mga tuta nito sa malakolonyal na estado hanggang sa paglaban sa diktadurang Marcos. Kabilang sa pinakatampok na alternatibong pahayagan ang *Diariong Tagalog* at *Kalayaan* sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol, *El Renacimiento* at *Muling Pagsilang* sa kolonyalismong US, at *Malaya, We Forum* at iba pang tinaguriang *mosquito press* sa panahon ng diktadura. Sa mga dyaryong ito dumaloy ang mga balita at pagsusuri tungkol sa kalagayan ng mamamayan, kung saan tampok ang mga paglabag sa karapatang-tao, pangwawasak sa kalikasan, kalagayan ng ekonomya at iba pang isyung bayan na hindi nailalathala ng malalaking midya na kontrolado ng, o takot sa, diktadura. Nagkaroon din ng maha-

lagang papel ang *underground press* tulad ng *Ang Bayan* at *Liberation*, na humahamon sa pahayag ng rehimeng Marcos at nanawagan ng pag-abante ng armado at di-armadong paglaban.

Sa paglaganap ng *social media*, naging palasak na ang paggamit ng katawagang "alternatibo" para saklawin ang lahat ng klaseng midya na labas sa tradisyunal na midya. Gayunpaman, nananatiling haligi nito ang progresibong midya na may malinaw na kiling sa mamamayan.

Salungat sa pahayag ng ilang kasapi sa dominante at tradisyunal na midya na dahil sa pagsusulong ng kanilang adbokasiya ay pinagtatakpan ng progresibong midya ang datos at tunay na pangyayari, nasa ubod ng tradisyon ng *alternative press* at midya ang tumpak at wastong pagbabalita. Tinatawag ng malalaking korporasyong midya na 'aktibismo' ang kanilang adbokasiya habang binabandera ang islogang walang kinikilingan, walang pinoprotektahan, ngunit ang parehong dahilan din ang naglilimita sa kanilang kakayahang maglahad, magsuri at alamin ang mga tampok na isyung bayan.

Pangunahing tagapagtangkilik ng progresibo o maka-mamamayang midya ang bulnerable at aping mga sektor ng lipunan, tulad ng mga manggagawa, katutubo, kababaihan at bata. Ibig sabihin nito, ang mga balita ay nalikha mula sa naratibo at direktang karanasan ng kanilang mga sektor. Bilang pangunahing kalahok sa pagbubuo ng balita, nabibigyang puwang ang kanilang mga isyu sa espasyong publiko. Nakatuon din ang mga balita sa isyu sa ekonomya, pulitika, kultura at pag-unlad na nagbubunsod ng pakikibaka ng aping mamamayan tulad ng militarisasyon, kontraktwalisasyon, malawakang pagpapalayas at pamamaslang. AB

# 22 aktibista, iligal na inaresto

Hindi bababa sa 22 aktibista ang inaresto ng mga pwersa ng estado nitong nakaraang mga linggo lamang.

Noong Nobyembre 29, siyam na myembro ng *fact-finding mission* na patungo sa Barangay Utod, Nasugbu, Batangas ang hinarang at iligal na inaresto ng mga elemento ng 730th Combat Group at ng mga pulis ng Batangas noong gabi ng Nobyembre 20 sa paratang na mga myembro sila ng BHB. Kinilala ang mga ito na sina Leonardo delos Reyes, Josefino Castillano, Carlos Sanoza, Peping Sacdalan, Robert Hernandez, Jocelyn Cabadin, Jenelyn Bayani, Orlan Cabadin at Anthony Banaga. Ang mga hinuli ay pawang mga myembro ng mga organisasyong magsasakang Habagat at Samahan ng Pinagkaisang Damdamin ng Barangay Quisumbing. Papunta sila sa Barangay Utod para imonitor ang mga paglabag ng AFP sa mga karapatan ng sibilyan matapos ang sagupaan ng mga yunit ng BHB at AFP sa lugar.

Noong Nobyembre 13, iligal na inaresto ng mga sundalo ng 86th IB ang mga sibilyan na sina Oliver Molina at Robert Dalupang sa Barangay Diasan, Echague, Isabela matapos magkaroon ng labanan sa pagitan ng BHB at AFP sa katabing barangay. Ikinulong sila sa kampo ng 86th IB at hindi pinayagan ng mga sundalo na makausap ng mga kamag-anak at myembro ng Dagami at Karapatan-Cagayan Valley.

Sa Eastern Samar, inaresto ng 87th IB ang lider ng Tag-alag Farmers and Fisherfolk Association na si Carlito Badillo, 41, sa harap ng Osmena National High School sa Tag-alag, Marabut noong Nobyembre 10. Sinampahan siya ng kasong rebelyon at *illegal possession of explosives*. Ayon kay Badillo, sapilitan siyang isinama at pinahirapan habang inaakusang kasapi ng BHB. Pinapipirma rin siya ng papel na hindi niya alam kung anong nakasulat.

Sa Oriental Mindoro nang parehong araw, dinakip ng mga operatiba ng 203rd Bde ang manggagawang pangkalusugan na si Emelia Marquez, 29, sa Medical Mission Group Hospital sa Calapan City habang nagbabantay sa kanyang maysakit na sanggol. Kabilang si Marquez sa "Morong 43" na iligal na ikinulong noong Pebrero 2010 at napalaya noong Disyembre ng parehong taon.

Noon ding Nobyembre 10, apat na myembro naman ng organisasyong Lumad na KASILO ang iligal na inaresto ng mga tropa ng 58th IB sa Sityo Gamot, Barangay Sta. Filomena, Quezon, Bukidnon. Dinakip at inakusahan sina Asilan Batao, Dodong Lampasan, Henry Lacubay at Leo Pangcat na mga tagasuporta ng BHB. Hindi sila nadala ng mga sundalo sa kanilang kampo dahil sa paggigiit ng kanilang kababaryo na sasamahan nilang lahat ang apat na inaresto.

Bago nito, inaresto ng pinagsamang tropa ng PNP at AFP noong Nobyembre 9 sa Barangay Palaminya, Oslob, Cebu, si Rustico Tan, isang dating pari ng Missionaries of the Sacred Heart of Jesus (MSC). Sa edad niyang 76, nagsasagawa si Tan ng *organic farming* sa Oslob. Naging negosyador siya ng National Democratic Front of the Philippines sa usapang pangkapayapaan mula 1986 hanggang 1987. Bago nito, inaresto rin ang dalawang magsasaka sa sakahan ni Tan na sina Lopito Paquigbao at Eddie Cullamat. Dinala sila sa AFP Central Command sa Camp Lapu-Lapu, Cebu City. Ihinarap siya sa korte nitong Nobyembre 21 sa gawa-gawang

kaso ng pagpatay.

Noon namang Oktubre 19, inaresto ng pinagsanib na pwersa ng PNP-CIDG at ISAFP si Jeremy Ang, kumbenor at senior consultant ng Assert Socio-economic Initiatives Network of the Philippines (ASCENT), at ang kanyang katrabaho na si Rita Espinoza sa Kabankalan, Negros Occidental. Walang ipinakitang mandamyento de aresto sa kanila at hindi sila ipinakita sa kanilang mga abugado hanggang sa pangalawang araw. Sa ngayon, iligal silang nakadetine sa Camp Crame sa Quezon City.

Sa Negros Occidental, binaril noong Nobyembre 8 ng apat na nakabonet na lalaki ang kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na si Webby Argabio sa Kabangkalan City habang nanonood ng mga naglalaro sa Purok Mahogani Abtao, Barangay Tapi, ng naturang syudad.

Samantala, nitong Nobyembre 18, pinatay ng mga elemento ng militar si Dondon Bartolaba, residente ng Sityo Palo 7, Brgy. Tomanding, Arakan, Cotabato.

Bago nito, natagpuang patay ng kanyang mga kamag-anak at kababaryo si Arnel Otacan, 33, kasapi ng organisasyong magsasaka na Nigkasinabot Koy Maguuma Tu Boston, sa Davao del Norte noong Oktubre 29. Tadtad ng bala ang kanyang bangkay at basag ang kanyang mga tuhod at braso. Bago nito ay makailang beses na siyang pinuntahan at ininteroga ng mga ahente ng intelidyens ng 67th IB.

Sa Capiz, ininteroga at tinakot ng militar ang dalawang magsasaka at kasama nilang menor-de-edad sa pagitan ng Barangay Tacayan at Lahug, bayan ng Tapaz noong Nobyembre 5. Galing sa pagdeliber ng produktong saging sina Mario Aguirre, ang kanyang bayaw at anak nang harangin sila sa daan ng isang iskwad ng nakasuot-sibilyang sundalo. Ang pananakot ay kaugnay ng pakikibaka ng mga katutubong Tumandok laban sa planong malaking dam sa Ilog ng Pan-ay na maglulubog ng 12 baryo. Bago nito, may nauna pang katulad na insidente ng pananakot sa nakaraang linggo sa baryo din ng Lahug.

Sa Samar, kinumpronta ng mga kasapi ng Alyansa san mga Paraguma Kontra-kagutom san Las Navasnon (APKLAS), kasama ang Katungod – Northern Samar, ang mga yunit ng 20th IB para paalisin sa kanilang baryo noong Nobyembre 6. Nagkakampo ang mga sundalo sa Barangay San Miguel at iba pang baryo sa Las Navas, labag sa International Humanitarian Law.

Samantala, ilang beses na minortar ng sundalo ng 24th IB ang bundok sa Daguioman, Abra. Tumama ang mortar malapit sa isang kubo ng magsasakang Itneg sa Barangay Ableg noong Nobyembre 10. AB

## Mga martir ng Panay, pinarangalan

PAMBAYANING LIBING ANG ibinigay sa tatlong martir ng Bagong Hukbong Bayan-Panay na sina Federico Diaz (Ka Val), Felizardo Cerilo (Ka Bong) at Remy Beraye (Ka Lito) na nasawi sa paglaban sa 61st IB noong Nobyembre 7 sa Sityo Tigpaka, San Antonio, Cuartero, Capiz. Isang mahabang prusisyon ng mga sasakyan at taong naglalakad ang naghatid sa sementeryo sa tatlong kabaong na nabalot ng pulang bandila at may mga tarpaulin na nagsasaad ng kanilang kabayanihan. Namutiktik ang mga korona ng bulaklak na nakadisenyo bilang mga maso at karit at pumailanlang sa buong prusisyon ang mga rebolusyonaryong awit. Ilang grupo ng mga magsasaka ang humanay sa gilid ng kalsadang dinaanan ng prusisyon at nagbigay-pugay sa pagtataas ng mga kamao.

Ayon sa mensaheng parangal ni Concha Araneta, tagapagsalita ng NDF-Panay, sa mahigit isang oras na paglaban sa isang platun ng kaaway, hindi nagtaas ng kamay ang tatlo kahit malinaw nang *outnumbered* sila ng kaaway, kundi hinawakan ng mahigpit ang kanilang armas at ginamit laban sa kaaway hanggang sa huling hininga. Tatlong kaaway din ang napatay at apat ang sugatan.

Nagmula sa uring magsasaka sina Ka Val at Ka Bong at mga lider-magsasaka sila ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) bago sumapi sa hukbong bayan. Kinikilala at nirerespeto sila ng masang magsasaka sa Cuartero, Dumarao, Maayon at Pontevedra sa Capiz, at sa Lemery sa Iloilo. Mahigit tatlong dekada nilang inialay ang pinakamalaking panahon ng kanilang buhay sa rebolusyonaryong pagkilos at paglilingkod sa mamamayan. Bilang mga Pulang kumander, lagi silang nilalapitan ng mga kasama at masa sa anumang problema, at malaki ang naitutulong ng mahigpit nilang pagkabisa sa masa sa mga lugar na kanilang kinikilusan.

Si Ka Lito,43, ay halos 25 taon nang naglingkod sa masa, una bilang lider-estudyante ng League of Filipino Students sa West Visayas State University, at pagkatapos ay bilang organisador ng Kilusang Mayo Uno. Kumilos din siya bilang organisador ng mga maralitang lunsod sa Roxas City, hanggang mamuno siya sa Bayan-Capiz. Ang malaking tulong niya sa pagpapasigla ng demokratikong kilusan sa Capiz ang dahilan ng panggigipit sa kanya ng kaaway, at nagtulak sa kanya na sumapi sa BHB noong nakaraang buwan lamang.

Habang nakikiramay sa kanilang mga pamilya at mahal sa buhay, nanawagan din ang NDFP sa mga kasama na ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan. Dagdag pa ni Ka Concha, “hindi maiiwasan ang sakit sa ating dibdib. Pero bagay lamang na sundan ng sinumang rebolusyonaryo ang pagiging huwaran nila sa dedikasyon at ganap na palilingkod sa sambayanan". AB

# Mga magsasaka sa Isabela, nagtagumpay laban sa usura

Nagkamit ng mga tagumpay ang mga magsasaka sa San Mariano, Isabela bunga ng inilunsad na kumprontasyon ng Dagami (Danggayan dagiti Mannalon ti Isabela) sa mga komersyante-usurero at lokal na pamahalaan laban sa komersyanteng pagsasamantala.

Noong Nobyembre 11, mahigit 400 magsasaka mula sa iba't ibang barangay ng San Mariano ang nagtipon sa Barangay Minanga at nagmartsa patungo sa San Mariano Community Center kung saan gaganapin ang kumprontasyon na dinaluhan din ng labing isang komersyante. Dala ng mga magsasaka ang mga karton at sako na naglalaman ng kanilang mga panawagan. Sa pagtatapos ng kumprontasyon, matagumpay nilang naigiit ang sumusunod:

1. Itaas ang presyo ng mais mula P10 tungong P12 kada kilo, at ng kamoteng kahoy mula P7 tungong P10 kada kilo;

2. Ibaba ang interes sa utang mula 15% tungong 13% at gawing anim sa halip na limang buwan bago ipataw ang interes. Ititigil din ng mga komersyante-usurero ang mapagsamantalang gawi na pagpataw ng mabibigat na kundisyon tulad ng pagkolateral sa lupain at mga hayop ng mga magsasaka;

3. Burahin ang interes sa utang sa panahon ng kalamidad, gayundin ng lahat ng nagdaang utang;

4. Ibalik sa mga magsasaka ang mga sakong pinaglalagyan ng kanilang produkto dahil iniaawas din naman sa kanila ang mga presyo ng mga ito;

5. Tanggalin ang kaltas sa mga magsasaka para sa komisyon ng mga drayber ng mga komersyante.

Ang mga ito ay lalamnin ng isang kasunduang pipirmahan ng mga komersyante. Naitulak din ng mga magsasaka ang mga upisyal ng lokal na pamahalaan na pangunahan ang pagsasabatas sa antas ng munisipyo at prubinsya ng mga napagtagumpayan sa kumprontasyon. Ang matagumpay na kumprontasyon ay lundo ng ilang buwang paghahanda ng mga magsasaka. Sa inilunsad na kumperensya para sa tunay na repormang agraryo noong Setyembre, tinukoy ng mga kasapi ng Dagami bilang nangungunang mga pahirap sa magsasaka ang pambabarat sa presyo ng kanilang produkto, pandaraya sa klasipikasyon at pagtimbang, mataas na presyo ng mga binhi, pestisidyo at iba pang *farm inputs*, mataas na interes sa pautang, at pagpapasan sa ilang gastos ng komersyante.

Kasunod nito, nagbuo ang mga magsasaka ng grupong mangunguna sa kumprontasyon upang igiit ang pagpawi sa nasabing mga pahirap. Nagsagawa sila ng mga pagsasanay sa pagsasalita sa publiko at militanteng pagharap sa mga mapagsamantalang komersyante. Nangalap din ng suportang publiko para sa kanilang makatarungang mga kahingian sa pamamagitan ng paglalabas ng pahayag at pagpapa-interbyu sa istasyon ng radyo. Sa ginanap na kumprontasyon, pinakamabisang armas ng Dagami ang pinagbuklod nilang hanay at matibay at malawak nilang pagkakaisa. AB




### PLA-India, naglunsad ng mga taktikal na opensiba

SA INDIA, noong Nobyembre 3 ng umaga, pinasabog ng mga myembro ng People's Liberation Army (PLA) sa ilalim ng Communist Party-Maoist, ang dugtungan ng mga *pipeline* ng Essar Steel sa bahaging malapit sa kagubatan ng Gunthabeda sa Odisha. Ang nasabing mga *pipeline* ay ginagawang daluyan ng mga hilaw na bakal (sa anyo ng putik) galing sa minahan ng *iron ore* ng Baladila patungo sa planta nito sa Visakhapatnam, Andhra Pradesh.

Ang Essar Steel India Limited ay isang multinasyunal na korporasyong nagmimina, nagpuproseso at nagluluwas ng bakal. Kilala ang Essar Steel sa India sa paglapastangan nito sa kalikasan, pangangamkam ng lupa at pagsasamantala sa mga manggagawa.

Noong Nobyembre 9, nagpalitan ng putok ang mga Pulang mandirigma at mga nagpapatrulyang pulis matapos pasabugan ang huli sa hangganan ng Chattisgarh at Jharkhand, dakong alas-2 ng hapon, sa distrito ng Balrampur ng Chattisgarh. Limang pulis mula sa Central Reserve Police Force (CRPF) at 2 mula sa Jharkhand Police ang nasugatan.

Noong Nobyembre 10, nireyd ng sampung myembro ng PLA ang kampo ng isang kumpanya sa konstruksyon sa Narengtola, Kalyansinghpur sa Odisha. Sinunog nila ang sampung sasakyan ng kumpanya. Ang aksyong pamamarusa ay isinagawa bilang pagtutol sa anti-mamamayang proyektong Narengtola-Lakhapadar Road.

Sa parehong araw, apat na tropa ng CRPF ang sugatan matapos silang pasabugan ng isang yunit ng PLA sa Baresandh sa Distrito ng Latehar, Jharkand.

Ang mga Pulang mandirigma sa bansang India ay naglulunsad ng digmang bayan katulad ng inilulunsad ng BHB sa Pilipinas. AB